

Lungsod ng Glendale



PROGRAMANG GAWAD PARA SA MALILIIT NA NEGOSYO

Ang Lungsod ng Glendale ay lumikha ng dalawang gawad para tulungan ang mga maliliit na negosyo na nakakaranas ng paghihirap kaugnay ng COVID-19.

PANGKALAHATANG IMPORMASYON TUNGKOL SA GAWAD

- Panahon ng Aplikasyon: Hulyo 1, 2020 sa alas-12 :00 ng tanghali hanggang alas-12 ng tanghali ng Hulyo 15, 2020
- Halaga ng Gawad: \$5,000
- Ang mga negosyo ay maaring mag-apply para sa isang gawad lamang o maging diskwalipikado
- Ang negosyo ay dapat nasa Glendale sa pag-aari na komersyal ang sona.
- Ang negosyo ay hindi pa nakatanggap ng anumang pondong Pederal na inilaan para sa Covid-19 sa panahon ng aplikasyon.

Tingnan ang likod nito para sa mga detalye tungkol sa bawat gawad.

PAANO MAG-APPLY

- Bisitahin ang GlendaleCA.gov/SmallBusinessGrants para sa kumpletong mga detalye tungkol sa programa at mag-apply online.
- Isang loterya ang gaganapin sa Hulyo 20, 2020. Ang mga napiling aplikante ay agad na bibigyan ng notipikasyon.

MAKIPAG-UGNAY SA AMIN

Para sa karagdagang impormasyon mangyaring tumawag sa (818) 548-2067 o mag email: smallbusinessgrant@glendaleca.gov



Ang Programang Gawad Para sa Maliliit na Negosyo ay inisyatibo ng Lungsod ng Glendale. Makipag-ugnay sa amin sa @MyGlendale at @ChooseGlendale. #OurGlendale

GAWAD SA PAGKABAWI PARA SA MALILIIT NA NEGOSYO

Dapat matugunan ng negosyo ang lahat ng mga kinakailangang nakasaad sa likod nito at saka:

- Dapat na mayroong 500 o mas kaunting empleyado.
- Ang mga negosyo ay dapat gumagana na nang hindi bababa sa 6 na buwan pagsapit ng Hulyo 1, 2020.
- Ang lahat ng mga uri ng negosyo ay maaaring mag-apply (hindi kasama ang mga loan packagers at ang mga negosyong kaugnay ng pagsusugal, bukod sa iba pang mga maaaring ituring na ipinagbabawal na mga negosyo).
- Ang mga non-profit na organisasyon ay karapat-dapat (hindi kasama ang mga bahay ng pagsamba).

GAWAD PARA SA MALILIIT NA NEGOSYONG MAY MABABANG KITA

Dapat matugunan ng negosyo ang lahat ng mga kinakailangang nakasaad sa likod nito at saka:

- Ang negosyo ay dapat may 25 o mas kaunti pang empleyado.
- Ang negosyo ay dapat gumagana na nang hindi bababa sa isang taon pagsapit ng Hulyo 1, 2020.
- Ang negosyo ay isang restawran o tinukoy na “non-essential” na negosyo sa ilalim ng mga restriksyon ng Safer at Home, kasama ang mga bar, bolingan, mga beauty parlor o barberya, mga tindahang retail, mga nail salon, mga gym o mga fitness center at mga spa.
- Ang aplikante ay dapat ligal na residente ng Estados Unidos
- Ang 51% ng mga empleyado (maaring kabilang ang may-ari ng negosyo), ay may MABABA-KATAMTAMANG KITA.

Sumangguni sa sumusunod na tsart para sa mga antas ng kita.

2019 Kategorya ng Kita	1 tao	2 tao	3 tao	4 tao	5 tao	6 tao	7 tao	8 tao
Mababang Kita (80%AMI)	\$ 58,450	\$ 66,800	\$ 75,150	\$ 83,500	\$ 90,200	\$ 96,900	\$ 103,550	\$ 110,250